


Mga Kaligtasan sa Gamot at Diabetes

Maraming tao ang may mga kapansanan sa paglaki (disability) ang umiinom ng isa o mas marami pang mga gamot. Kung ang indibidwal ay may diabetes, ang isang gamot na maaaring kakailanganin nila ay ang maglapat ng insulin. Narito ang ilang mahalagang tanong na maaaring itanong ng mga direct support professional (DSPs) kapag sumusuporta sa mga indibidwal sa paglalapat ng kanilang mga gamots.

Ang paglalapat ng mga gamot tulad ng insulin, at pagpapanatili ng isang iniresetang diyeta ay maaaring makatulong sa mga indibidwal na may diabetes na panatilihin sa normal na dami ang kanilang asukal sa dugo. Kapag tumulong ang isang sa kanilang paglapat ng mga gamot, mahalaga para sa DSP na sundin ang 7 Tama:

- **Tamang indibidwal**
- **Tamang gamot**
- **Tamang dosis**
- **Tamang oras**
- **Tamang ruta**
- **Tamang dahilan**
- **Tamang dokumentasyon**



Halimbawa, kung ang mga tao ay naglalapat ng napakarami o napaka-kaunting insulin, maaari silang labis na magkakasakit. Kahit ano pa ang uri ng gamot ang inireseta, magtanong sa doktor o pharmacist kung hindi mo nauunawaan ang mga sagot sa mga tanong na ito para tulungan ang indibidwal na sinusupportahan mo:

- **Ano ang dapat gagawin ng gamot?** Ano ang kondisyon na pinaggagamitan nito para gamutin?
- **Gaano katagal bago ko malalaman na ito ay gumagana?** Gugugol ba ito ng ilang minute, mga oras, o mga linggo?
- **Kailangan ba ang pagsusuri sa dugo para subaybayan ang gamot?** Ang epekto ng ilang gamot ay kailangang regular na susuriin gamit ang pagsusuri sa dugo.
- **Ano ang gagawin ko kung makaligtaan ng isang tao ang isang dosis?** Ang sagot ay magdedepende sa uri ng gamot at sa bilang ng iba't ibang gamot na inilalapat ng isang tao.
- **Ang gamot ba ay ilalapat nang nakakain o nakainom na?** Kung hindi, gaano katagal bago o pagkatapos ng pagkain dapat ilapat ang gamot?
- **May anumang mga pagkain ba, mga inumin, mga suplemento, o mga gawain ang dapat iwasan?**
- **May anumang mga gamot ba na dapat ilapat nang sabay?**
- **Ano ang karaniwang mga side effect?**

- **Kung makikita ko ang mga side effect, ano ang dapat kong gawin?**
Tiyakin na alam mo kung pupunta sa emergency room, tawagan ang doktor, o magpa-appointment para magpasuri sa isang doktor.
- **Kung ang gamot ay kailangang ilapat sa loob ng mahabang panahon, ano-ano ang mga pangmatagalang epekto?**

Palaging tumawag sa isang doktor o nars kung ang isang tao na sinusuportahan mo ay naglalapat ng gamot na hindi aprubado para sa kanya, kung ang tao ay hindi naglalapat ng gamot na inireseta para sa kanya, o kung hindi ito inilapat ng tao sa tamang oras o sa tamang dami.